


Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN IV



MODYUL 9

IMPLASYON



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City



MODYUL 9

IMPLASYON



Si Jesus ay namamasahe lamang sa kanyang pagpasok sa eskuwelahan. Mula Pasay hanggang Maynila ang pamasaha ay P7.50. Noong nakaraang tatlong taon ay P5.50 lamang ang kanyang pamasaha sa parehas na biyahe. Samantalang noong 2002, ang pamasaha niya ay P4.00 lamang.




Kung magsasaliksik lamang si Jesus kung magkano ang pamasaha bago magka-giyera ay malalaman niya na ang pamasaha sa tran-via ay 10 sentimo lamang.

Ang presyo ng mga produkto at serbisyo sa mga nagdaang panahon ay malinaw nating makikita na may malaking pagbabago. Ito ay isang realidad na ng buhay na hindi na yata natin magagawang matakasan. Ang idinudulot nito sa atin ay isang krisis pang-ekonomikong pang personal o nasyonal o pareho.

Sa modyul na ito, pag-aaralan natin kung ano ang implasyon, bakit may implasyon, anu-ano ang epekto ng implasyon sa atin, at ano ang mga hakbangin upang ito ay maiwasan.



May tatlong araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Ang Konsepto ng Implasyon at ang Paraan ng Pagsukat Nito
-  Aralin 2: Ang Mga Epekto ng Implasyon
-  Aralin 3: Mga Dahilan ng Implasyon



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang kahulugan ng implasyon;
2. Maiisa-isa ang iba't ibang epekto ng implasyon sa personal at nasyonal na aspeto nito; at
3. Masusuri ang mga dahilan ng implasyon.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



PANIMULANG PAGSUSULIT:

I. Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ang pangkalahatang pagbaba ng presyo ng mga bilihin sa pamilihan.
 - A. Implasyon.
 - B. Deplasyon.
 - C. Consumer Price Index.
 - D. Disimplasyon.

2. Ang patuloy na pagtaas ng presyo ng lahat ng bilihin sa pamilihan.
 - A. Cost Push.
 - B. Demand Pull.
 - C. Implasyon.
 - D. Deplasyon
 - E. .

3. Ano ang ibig sabihin CPI na 100?
 - A. Ang kasalukuyang halaga ng market basket ay mahigit 100% malaki kaysa sa batayang taon.
 - B. Ang kasalukuyang halaga ng market basket ay 100% mas mababa kaysa sa batayang taon.
 - C. Ang kasalukuyang halaga ng market basket ay parehas sa batayang taon.
 - D. Ang kasalukuyang halaga ng market basket at P100.

4. Alin sa mga sumusunod ay HINDI sanhi ng implsyon?
 - A. paglaki ng demand kaysa sa produksyon.
 - B. kakulangan sa enerhiya.
 - C. pagtaas ng kapasidad sa peoduksyon.
 - D. pagtaas ng halaga ng pamumuhay.

5. Alin sa mga sumusunod ay walang kaugnayang sa cost-push inflation?
- A. pagtaas ng halaga ng electricidad.
 - B. pagtaas ng pamimili ng mga konsyumer.
 - C. mas mataas na demand sa pagtaas ng sahod.
 - D. mga regulasyon ng pamahalaan.
6. Alin sa mga dahilan ng implasyon ang tinalakay ayon sa konteksto ng quantity equation?
- A. demand-pull at cost-push inflation.
 - B. demand-pull inflation lamang.
 - C. cost-push inflation.
 - D. monetary inflation.
7. Alin sa mga sumusunod na pangungusap at TAMA?
- A. Ang halaga ng piso ay bumababa kapag tumatataas ang implasyon.
 - B. Ang halaga ng piso ay tumataas kapag mataas ang implasyon.
 - C. Ang halaga ng piso ay hindi naapektuhan ng implasyon.
 - D. Ang halaga ng piso ay maaaring tumaas o bumaba depende kung ang implasyon ay demand-pull o cost-push.
8. Ang pinaka madalas gamitin na panukat sa pagbabago ng presyo.
- A. PPC.
 - B. CPI.
 - C. GNP.
 - D. PPI.
9. Ano ang ibig sabihin ng CPI na 145?
- A. Ang kasalukuyang halaga ng market basket ay 145% na mas mataas kaysa sa batayang taon.
 - B. Ang batayang price index ay may index na 145.
 - C. Ang halaga ng market basket ay 145.
 - D. Ang kasalukuyang halaga ng market basket ay 45% na mas mataas kaysa sa batayang taon.

10. Ang COLA ay dinisenyo upang bigyang proteksyon ang mga manggagawa laban sa:

- A. istrukturang kawalang trabaho.
- B. underemployment.
- C. implasyon.
- D. pagbaba ng bilang ng oras ng trabaho.

ARALIN 1

ANG IMPLASYON AT ANG PARAAN NG PAGSUKAT NITO



Napapansin mo ba na ang bilang at dami ng mga produktong nabibili mo ngayon ay di na kasing dami ng mga produktong nabibili mo noon? Naitanong mo na ba sa iyong sarili kung ano ang dahilan ng mga ganitong pangyayari? Ito ang mga pangunahing katanungan na sasagutin ng araling ito.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipaliliwanag ang konsepto ng implasyon; at
2. Mailalahad ang mga paraan ng pagsukat ng implasyon.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Tanungin sina lolo at lola, nanay at tatay, at ang mga kuya at ate mo tungkol sa mga presyo ng mga sumusunod na produkto:

Produkto	Presyo ng Produkto/Serbisyo			
	Panahon nina Lolo at Lola	Panahon nina Tatay at Nanay	Panahon nina Kuya at Ate	Kasalukuyang Panahon
1 Kilo Bigas				
1 Kilo Asukal				
1 Kilo Galunggong				
1 Kilo Baboy				
Pamasahe				

Mga Katanungan:

1. Pansinin ang mga presyo ng produkto/serbisyo ayon sa mga panahong ibinigay. _____

2. Ikumpara ang mga presyo ng bilihin ayon sa mga panahon ng iyong Lolo at Lola, Tatay at Nanay, at Kuya at Ate at kasalukuyang presyo. _____

3. May mga pagbabago ba sa presyo simula pa noon? _____

Ang Implasyon

Ang patuloy na pagtaas na mga presyo ng mga bilihin ay kasama natin at makakasama natin hanggang sa tayo'y nabubuhay. Wika nga ng iba: ***“Until death, do us part”***.

Sa pangkalahatan, ang implasyon ay isang sitwasyon kung saan:

1. Ang mga tao ay gumagamit ng mas maraming salapi para makabili lamang ng iilang produkto;
2. Ang halaga ng pamumuhay ay tumaas;
3. Mayroong patuloy na pagbaba sa halaga ng salapi; at
4. Ang mga presyo ng bilihin ay tumataas.

Samakatuwid, ang implasyon ay ang patuloy na pagtaas ng pangkalahatang presyo o halos pangkalahatang presyo ng mga bilihin sa isang ekonomiya.

Ang pagtaas ng presyo ng ilang produkto, kahit na ito pa ay ang importanteng produkto ng mga mamimili katulad ng bigas, karne, at iba pa, ay hindi maaaring


pagbasehan na may nangyayaring implasyon. Lalo't higit ang isang minsanan ngunit malawakang pagtaas ng mga presyo ng lahat ng biling sa buong ekonomiya ng bansa, ay hindi maaaring tawaging sitwasyon na may implasyon.

Sa isang sitwasyon na may implasyon, walang malinaw na ekwilibriyo na nangyayari, kung kaya't walang matatag na presyo. Ang presyo ng mga biling ay patuloy at patuloy na tumataas sa iba't-ibang antas.

Upang mas maintindahan mo kung ano ang implasyon, alamin natin ang mga iba't-ibang konsepto na may kaugnayan sa implasyon.

Mga Iba't ibang Konsepto sa Implasyon

1. Deplasyon – ito ang kabaligtaran ng implasyon, halimbawapagbaba ng presyo at pagtaas ng tutoong kita (real income).
2. Boom – Ito ang pinaka-mataas na punto ng sikliko ng kalakalan (trade cycle). Mayroong magandang takbo ng ekonomiya, mababang antas ng kawalang trabaho, at mayroong kasaganaan.



3. Depression – Ito ang kabaligtaran ng Boom. Ito ang pinakamababang parteng sikliko ng produksyon kung saan malaki ang antas ng kawalang trabaho sa loob ng mahigit isang taon.

4. Slump – Ito ang kalagayan kung saan may pagbaba ng presyo ng mga bilihin kasabay ng pagbagal ng takbo ng ekonomiya.
5. Recession – Ito ang pangkalahatang pagbaba ng ekonomiya sa loob ng mga ilang buwan.
6. Stagflation – Tumutukoy sa ekonomiya na may paghinto kasabay ng implasyon. Sa normal na kalagayan kung saan mayroong pagtaas ng ekonomiya ito ay kadalasang may kaakibat na implasyon, ngunit sa kaso ng stagflation, mayroon implasyon na walang pagtaas ng ekonomiya.
7. Slumpflation - Ito ay kaparehas ng stagflation kung saan mayroon mataas na antas ng kawalang trahaho at pagtaas ng mga bilihin.
8. Reflation – Ito ay sitwasyon na may bahagyang implasyon, hal. kontroladong implasyon.
9. Disimplasyon – Tumutukoy sa proseso ng pagpapababa ng presyo ng mga bilihin
10. Inflationary gap – Isang condition kung saan ang pangkalahatang demand ay higit na mas malaki kaysa sa pangkalahatang suplay.
11. Phillip's Curve – Ayon kay A.W. Phillips, mayroong trade-off sa pagitan ng kawalang trabaho at implasyon, hal. sa sitwasyong may mataas na implasyon, may pagbaba naman ng antas ng kawalang trabaho at vice-versa.

Ang Pagsukat ng Pagbabago sa Presyo

Bago natin malaman ng mayroon ngang implasyong nagaganap sa ating bansa, kailangan natin munang alamin kung paano sukatin ang mga pagbabago sa mga presyo ng bilihin.

Ang unang hakbang ay ang pagbuo ng mga price index. Ang price index ay ang average ng mga presyo ng mga pangunahing bilihin at ikumpara ito sa presyo ng isang batayang taon. May tatlong elemento na dapat bantayan sa pagbuo ng isang price index.

1. Ang mga lalamanin na produkto ng tinatawag na market basket.

2. Ang halaga ng bawat produktong kasama sa basket, at
3. Ang batayang taon na siyang gagawing punto ng paghahambing.

Ang Pagpili ng Lalamanin ng Market Basket

Ang mga bagay na lalamanin ng market basket ay depende sa kung anong klaseng price index ba iyong gagawin. Kung ito ay ang Consumer Price Index (CPI), ang dapat na makikita sa market basket ay mga produkto na malawakang ginagamit at binibili ng mga konsyumer.

Ang halaga ng pera ay ang purchasing power ng kita ng bawat mamamayan, hal. ang abilidad na makabili ng mga produkto at serbisyo. Ito ay katumbas ng konsepto ng tutoong kita (real income). May negatibong relasyon sa pagitan ng halaga ng pera at ang pangkalahatang presyo ng mga bilingin. Kapag mas mataas ang presyo ng mga bilingin, mas mababa ang halaga ng pera.

Ang Consumer Price Index (CPI)

Ang CPI ay isang gamit istatistiko na siyang nagpapakita sa pagbabago sa pangkalahatang presyo ng mga bilingin mula sa batayang taon hanggang sa kasalukuyang taon, sinusukat nito ang mga pagbabago sa halaga ng pera.

Mga Hakbang sa Pagbuo ng CPI

1. Ang pagpili ng Batayang Taon (Base Year). Ito ay ang taon na siyang pinagbabatayan kung saan ang mga pagbabago presyo kumpara sa ibang taon ay nasalagay sa porsyento nito. Ang batayang taon ay dapat na nasa normal na taon, hal. taon na lung saan ang ekonomiya ng isang bansa, ang political na kalagayan at ang mga presyo ng mga bilingin ay matatag.

2. Ang pagpili ng lalamanin ng Market basket. Ang mga produktong napili para sa market basket ay dapat naka-base sa kasalukuyang paggasta ng isang tipikal na pamilya. Ang mga produkto ay hindi dapat nasasara lamang sa isang partikular na istado ng lipunan. Ito ay dapat na sumasalamain sa panlasa ng pangkahalatang populasyon. Hal., ang mga mamahaling jacket at mga mamahaling sasakyan ay hindi dapat isama sa listahan.
3. Ang Presyo ng mga napiling produkto:
 - a) Ang mga presyo mga napiling produkto ay dapat na makuha mapagkakatiwalaan institusyong nangangalaga ng mga datos nito mula sa kasalukuyan at sa hinaharap.
 - b) Ang basket ay ilalagay sa presyo ng batayang taon. Ang index ng batayang taon ay dapat na nakalagay sa 100.
 - c) Ang presyo ng parehas na nilalaman ng basket ay ilalagay sa pangkasalukuyang presyo ng mga bilihin.
 - d) Ang halaga sa kasalukuyang market basket ay ikukumpara sa porsyento ng batayang taon.

Pormula

$$\frac{\text{Kasalukuyang Presyo ng Bilihin}}{\text{Presyo ng Batayang Taon}} \times 100 = \text{Current Year}$$

- e) Ang index ng kasalukuyang presyo sa lahat ng nilalaman na produkto ng market basket ay pagsasamahin at idi-divide sa bilang ng aytems nito. Mula dito, makukuha natin ang tinatawag na simple price index o ang hindi tinimbang na index ng presyo. (Tingnan ang Halimbawa)

Aytems	Presyo sa Batayang Taon	Index ng Batayang Taon	Presyo Kasalukuyang Taon	Index ng Kasalukuyang Taon	Bigat ng bawat Taon	Bigat X Index ng Kasalukuyang Presyo
Pagkain	50	100	30	60	4	240
Damit	100	100	120	120	3	360
Bahay	200	100	250	125	2	250
Pamasahe	10	100	20	200	1	200

HALIMBAWA:

Pormula

$\frac{\text{Kasalukuyang Presyo ng Bilihin}}{\text{Presyo ng Batayang Taon}} \times 100 = \text{Current Year}$

$$= \frac{30}{50} \times 100$$

$$= 0.60 \times 100$$

$$= 60 \text{ Index ng Kasalukuyang Presyo}$$



Tandaan Mo!

- Ang Implasyon ay ang patuloy na pagtaas ng pangkalahatang presyo o halos pangkalahatang presyo ng mga bilihin sa isang ekonomiya.
- Ang Batayang ng Implasyon ay ang mga sumusunod:
 - a. Ang mga tao ay gumagamit ng mas maraming salapi para makabili lamang ng iilang produkto;
 - b. Ang halaga ng pamumuhay ay tumaas;
 - c. Mayroong patuloy na pagbaba sa halaga ng salapi; at
 - d. Ang mga presyo ng bilihin ay tumataas.
- Ang CPI ay isang gamit istatistiko na siyang nagpapakita sa pagbabago sa pangkalahatang presyo ng mga bilihin mula sa batayang taon hanggang sa kasalukuyang taon, sinusukat nito ang mga pagbabago sa halaga ng pera.



Gawain 3: Paglalapat

Pag-aralan ang presyo ng mga sumusunod na listahan ng produkto.

Kompyutin ang halaga ng pagtaas o pagbaba ng presyo nito

1. Manok
2. Baboy
3. Talong
4. Galunggong
5. Bigas

ARALIN 2

ANG EPEKTO NG IMPLASYON



Sa naunang aralin, pinag-aralan natin ang kahulugan ng Implasyon at ang paraan ng pagkompyut nito. Nalaman ang implasyon ay ang pagtaas ng halaga ng di lamang ng illang produkto, kungdi ng halos lahat o lahat ng produkto. Ngayon, aalamin natin kung ano naman ang epekto ng implasyon sa iba't-ibang larangan ng ekonomiya ng bansa.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maiisa-isa ang epekto ng Implasyon sa iba't-ibang larangan ng ekonomiya ng Pilipinas; at
2. Matatalakay kung sino-sino ang mga nakikinabang at di-nakikinabang kapag may nangyayaring implasyon ;



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Halimbawang nagkaroon ng malwakang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at naapektuhan nito ang iyong pamilya, ano ang magagwa mo upang makatulong sa iyong mga magulang. Gumawa ng isang listahan ng iyong gagawin.


Ang Epekto ng Implasyon

May iba't-ibang epekto ang Implasyon sa iba't-ibang aspeto ng ekonomiya ng bansa. Ito ay ang mga sumusunod.

1. **Produksyon/Pamumuhunan.** Bilang resulta ng implasyon, tataas ang kita ng mga prodyuser na siyang magiging sanhi ng kanilang motibasyon para dagdagan ang produksyon (Ayon sa Batas ng Supply, ang pagtaas ng kita ang magiging sanhi sa pagtaas ng bilang ng suplay). Sa paglaki ng produksyon, ang pangangailangan sa manggagawa. Sa ilang mga bansa, sinasadya ng pamahalaan na gumawa ng banayad na implasyon (mild inflation) upang engganyohin ang mga mangangalakal at entreprenyur na mamuhunan pa ng mas malaki.
2. **Distribusyon ng Kita.** Magiging sanhi ng implasyon ang mas malaking agwat sa distribusyon ng kita. Makikinabang dito ang mga mangangalakal, mga magsasaka, at iba pa.
3. **Pag-iimpok.** Lahat ng mga inipon sa na may permanenteng halaga (fixed value) katulad ng mga deposito sa bangko, mga seguro (insurance), mga naghuhulog sa bahay, Sa pagtaas ng presyo, ang kalakasan sa pagbili (purchasing power) ay mawawala. Sa kabilang banda, ang mga impok sa assets at mga real estates ay makikinabang. hal., ang halaga ng pabahay, mga alahas at iba pa., ay tataas at ang mga may-ari nito ang makikinabang.
4. **Balanse ng Kalakalan.** Mayroong tatlong klase ng balance sa kalakalan:
 - A) Ang deficit kung saan mas malaki ang import ay mas malaki sa exports
 - B) Ang surplus kung saan ang import ay mas kaunti sa exports. ; at
 - C) Ang balanseng kalakalan kung saan ang import at parehas sa exports.Tuwing may implasyon, sap unto ng imports at exports, magkakaroon ng deficit sa balance of trade batay sa larawan sa ibaba:

Epekto ng Implasyon sa Balanse ng Kalakalan

Mas kaunting produkto ang inilalabas ng Pilipinas



Paliwanag:

Dahilan sa ang Pilipinas ay may implasyon, Hindi gugustuhing bumili ng Malaysia sa Pilipinas. Kung kaya't mas kaunti ang inilalabas nating produkto papuntang Malaysia. Sa kabilang banda, Makikita ng mga Pilipino na higit na mas mababa ang presyo ng mga produktong galling sa Malaysia kung kay't ito ang bibilin nila kaya lolobo ang ating imports. Kapag nangyari ito, mas lalaki ang imports sa exports at haharap tayo sa isang deficit sa balance ng kalakalan.

5. Epekto sa panlabas na halaga ng salapi. Ayon kay Gustav Casell, kung may pagbaba sa panloob na halaga ng salapi, ang panlabas na halaga ng salapi ay bababa din. Ang panloob na halaga ng salapi ay bababa dahil sa implasyon. Ang panlabas na halaga ng salapi ay bababa din dahil naman sa halaga ng palitan

nito sa ibang salapi. Aakalain ng ilang mga taga-ibang bansa na mas mahal ang pagbili sa salapi natin kaya't mas bababa ang demand para dito. Ito ay magdudulot ng pagbaba ng halaga ng ating salapi (sa panlabas na halaga nito). Ito ay tinatawag na Purchasing Power Parity Theory.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Isulat ang salitang TAMA kung tama ang pangungusap. Isulat ang salitang MALI kapag mali ang pangungusap.

- _____ 1. Sa lahat ng pagkakataon ay maganda ang idinudulot ng implasyon.
- _____ 2. Sa implasyon magkakaroon mas pantay na distribusyon ng kita.
- _____ 3. May apat na epekto ang implasyon sa balance ng kalakalan.
- _____ 4. Ang mga magsasaka ay makikinabang sa pagkakaroon ng implasyon.
- _____ 5. Kapag may implasyon ay nakakapag engganyo sa mga mangangalakal.



Tandaan Mo!

- Positibo ang epekto ng banayad na implasyon sa Produksyon at Pangangalakal.
- Negatibo ang epekto ng implasyon sa mga mamimili, mga may pension at mga nagpapautang.
- Negatibo ang epekto ng implasyon sa balance ng kalakalan..



Gawain 3: Paglalapat

Magsagawa ng isang interbyu batay sa mga epekto ng implasyon. Alamin sa mga sumusunod listahan ang tunay na epekto sa kanila ng implasyon.

Magsagawa ng Interbyu sa mga sumusunod:

1. Isang Mangangalakal sa inyong lugar
2. Isang Duktur
3. Isang Magsasaka/Mangingisda
4. Isang Guro
5. Isang Retiradong Manggagawa

ARALIN 3 MGA URI NG IMPLASYON



Matapos nating malaman ang iba't-ibang epekto ng implasyon sa ekonomiya, tatalakayin naman natin ngayon ang iba't-ibang pinagmumulan ng implasyon.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maiisa-isa ang mga dahilan ng implasyon;
2. Masusuri ang mga iba't-ibang reacsyon ng mga yunit ng ekonomiya hinggil sa mga pinagmulan ng implasyon;



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Alamin ang mga kadahilanan ng mga sumusunod na gawain:

1. Mahabang pila sa mga gasolinahan
2. Mataas na bilingin sa panahon ng kapaskuhan.
3. Pagkalugi ng mga lokal na prutas.

Mga Dahilan ng Implasyon

Ang implasyon ay nagmumula sa iba't-ibang ispesipikong kadahilanan.

1. Demand-Pull inflation. Dito, ang tanging dahilan ng implasyon ay galling sap unto ng mga mamimili. Mayroong patuloy at walang tigil na pagtaas ng demand. Kapag ang demand ay tumataas at hindi ito matugunan ng suplay, ang pangkalahatang presyo ng mga bilihin ay tataas na siyang sanhi ng implasyon.
2. Cost-Push inflation. Ang sanhi nito ay ang pagtaas ng gastusin sa produksyon. Kapag ang mga may-ari ng mga iba't-ibang industriya ay nahaharap sa mataas ng gastusin sa produksyon, itataas nito ang presyo ng kanilang produkto.
3. Import-Induced inflation o imported inflation. Ang pag-angkat ng mga produkto at serbisyo ay maaaring maging sanhi ng implasyon. Halimbawa na dito ay ang Singapore na pangunahing umaasa sa mga kalapit bansa nito para sa pagkain at iba pang mga hilaw ng materyales.
4. Profit-Push inflation. Ang uri ng implasyon na ito ay sanhi ng mga gahaman na mga prodyuser na itinatago ang kanilang mga produkto na siyang nagiging sanhi ng artipisyal na kakulangan. Ang mga gawaing ito ay nagpapalobo ng mga bilihin na nagdudulot sa kanila ng mataas na kita.
5. Currency inflation. Ang theorya ng mga monetarist sa implasyong ito ay sanhi naman ng masyadong malaki na suplay ng pera sa sistema. Ang masyadong malaking suplay ng pera ay nagdudulot paggamit ng malaking halaga ng salapi upang makabili ng kakaunting produkto.
6. Petrodollars inflation. Ito ay nakakaapekto lalong-lalo ng sa mga umaangkat ng mga produktong petrolyo. Ang labis na pagtaas ng halaga ng mga produktong petroyo ay nagiging sanhi sa pagtaas ng pangkalahatang presyo ng mga bilihin



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Lagyan ng tsek ang tapat ng dahilan ng implasyon kung ang pangyayaring nakalagay sa unang kolum ay tumutukoy sa natutang sanhi ng implasyon.

Produkto	Dahilan ng Implasyon					
	Demand-pull	Cost-push	Import-induced	Profit-push	Currency	Petrodollars
1. Kapaskuhan						
2. Pagtaas ng halaga ng gasoline						
3. Pagdagsa ng mga remittances ng mga kamag-anak mo sa abroad						
4. Paghingi ng umento sa sahod ng mga manggagawa						
5. Kakulangan sa suplay ng mga delata.						



Tandaan Mo!

- Ang Demand-pull inflation ay sanhi ng napakataas na demand ng isang produkto laban sa suplay nito.
- Ang Cost-push inflation ay sanhi ng pagtaas ng gastusin sa produksyon.
- Ang Import-induced inflation ay sanhi ng labis na paggamit ng imported na produkto.
- Ang Profit-push inflation ay sanhi ng pagtatago ng mga produkto ng mga prodyuser upang magkaroon ng artipisyal na kakulangan sa produkto.
- Ang Currency inflation ay sanhi ng labis na pagdami ng suplay na pera sa sirkulasyon
- Ang Petrodollars inflation ay sanhi ng labis na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo.



Gawain 3: Paglalapat

Sa iyong palagay, paano natin maiiwasan ang ibat-ibang sanhi ng implasyon. Magbigay ng limang maari mong gawin.

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- ◆ Ang Implasyon ay ang patuloy na pagtaas ng pangkalahatang presyo o halos pangkalahatang presyo ng mga bilihin sa isang ekonomiya.
- ◆ Ang Batayang ng Implasyon ay ang mga sumusunod:
 - a. Ang mga tao ay gumagamit ng mas maraming salapi para makabili lamang ng iilang produkto;
 - b. Ang halaga ng pamumuhay ay tumaas;
 - c. Mayroong patuloy na pagbaba sa halaga ng salapi; at
 - d. Ang mga presyo ng bilihin ay tumataas.
- ◆ Ang CPI ay isang gamit istatistiko na siyang nagpapakita sa pagbabago sa pangkahalatang presyo ng mga bilihin mula sa batayang taon hanggang sa kasalukuyang taon, sinusukat nito ang mga pagbabago sa halaga ng pera
- ◆ Positibo ang epekto ng banayad na implasyon sa Produksyon at Pangangalakal.
- ◆ Negatibo ang epekto ng implasyon sa mga mamimili, mga may pension at mga nagpapautang.
- ◆ Negatibo ang epekto ng implasyon sa balanse ng kalakalan..
- ◆ Ang Demand-pull inflation ay sanhi ng napakataas na demand ng isang produkto laban sa suplay nito.
- ◆ Ang Cost-push inflation ay sanhi ng pagtaas ng gastusin sa produksyon.
- ◆ Ang Import-induced inflation ay sanhi ng labis na paggamit ng imported na produkto.
- ◆ Ang Profit-push inflation ay sanhi ng pagtatago ng mga produkto ng mga prodyuser upang magkaroon ng artipisyal na kakulangan sa produkto.
- ◆ Ang Currency inflation ay sanhi ng labis na pagdami ng suplay na pera sa sirkulasyon
- ◆ Ang Petrodollars inflation ay sanhi ng labis na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo.



PANGHULING PAGSUSULIT:

I. Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ang pangkalahatang pagbaba ng presyo ng mga bilihin sa pamilihan.
 - A. Implasyon.
 - B. Deplasyon.
 - C. Consumer Price Index.
 - D. Disimplasyon.

2. Ang patuloy na pagtaas ng presyo ng lahat ng bilihin sa pamilihan.
 - A. Cost Push.
 - B. Demand Pull.
 - C. Implasyon.
 - D. Deplasyon.

3. Ano ang ibig sabihin CPI na 100?
 - A. Ang kasalukuyang halaga ng market basket ay mahigit 100% malaki kaysa sa batayang taon.
 - B. Ang kasalukuyang halaga ng market basket ay 100% mas mababa kaysa sa batayang taon.
 - C. Ang kasalukuyang halaga ng market basket ay parehas sa batayang taon.
 - D. Ang kasalukuyang halaga ng market basket at P100.

4. Alin sa mga sumusunod ay HINDI sanhi ng implasyon?
 - A. paglaki ng demand kaysa sa produksyon.
 - B. kakulangan sa enerhiya.
 - C. pagtaas ng kapasidad sa produksyon.
 - D. pagtaas ng halaga ng pamumuhay.

5. Alin sa mga sumusunod ay walang kaugnayang sa cost-push inflation?
 - A. pagtaas ng halaga ng electrisidad.
 - B. pagtaas ng pamimili ng mga konsyumer.
 - C. mas mataas na demand sa pagtaas ng sahod.
 - D. mga regulasyon ng pamahalaan.

6. Alin sa mga dahilan ng implasyon ang tinalakay ayon sa konteksto ng quantity equation?
- demand-pull at cost-push inflation.
 - demand-pull inflation lamang.
 - cost-push inflation.
 - monetary inflation.
7. Alin sa mga sumusunod na pangungusap at TAMA?
- Ang halaga ng piso ay bumababa kapag tumatataas ang implasyon.
 - Ang halaga ng piso ay tumataas kapag mataas ang implasyon.
 - Ang halaga ng piso ay hindi naapektuhan ng implasyon.
 - Ang halaga ng piso ay maaaring tumaas o bumaba depende kung ang implasyon ay demand-pull o cost-push.
8. Ang pinaka madalas gamitin na panukat sa pagbabago ng presyo.
- | | |
|---------|---------|
| A. PPC. | C. GNP. |
| B. CPI. | D. PPI. |
9. Ano ang ibig sabihin ng CPI na 145?
- Ang kasalukuyang halaga ng market basket ay 145% na mas mataas kaysa sa batayang taon.
 - Ang batayang price index ay may index na 145.
 - Ang halaga ng market basket ay 145.
 - Ang kasalukuyang halaga ng market basket ay 45% na mas mataas kaysa sa batayang taon.
10. Ang COLA ay dinisenyo upang bigyang proteksyon ang mga manggagawa laban sa:
- istrukturang kawalang trabaho.
 - underemployment.
 - implasyon.
 - pagbaba ng bilang ng oras ng trabaho.



GABAY SA PAGWAWASTO: